REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89-76

KAPASIYAHAN NA INUUTOS ANG MADALIANG PAG-AALIS AT PAGLILIPAT NG MGA "SQUATTERS" SA PALIGID NG MABABANG PAARALAN NG LAKEVIEW AT BINIBIGYAN NG KARAPATAN AT KAPANGYARIHAN ANG PUNONGBAYAN NA GUMAWA NG KAUKULANG AKSIYON NA NARARAPAT AT NAAAYON SA BATAS SA PAGPAPATUPAD NG KAPANGYARIHANG ITO.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay nalalaman ang kabigatan sa pananalapi na idudulot ng pagdagsa ng mga "squatters" na ito sa Bayan ng Muntinlupa sa pamamagitan ng pagkakaloob at pagpapanatili ng mga kaluwagan at kagamitan tulad ng lansangan, tubig, elektrisidad, kalusugan, edukasyon at kung babanggitin pa ang pangkabuhayan at pananagutan sa lipunan na ilalapat o ipapataw sa pamahalaang bayan;

SAPAGKAT, ang Mababang Paaralan ng Lakeview ay nangangailangan ng karagdagang lugar o lupa upang mapagtayuan ng mga silid-aralan at matugunan ang pagpasok ng dumaraming nagpapatala sa paaralan taon-taon;

SAPAGKAT, kinakailangan na mapangalagaan ang mga hangganang lupain ng pamahalaang bayan at iligtas ang kapahamakan ng mga lehitimong mamamayan sa maaaring mangyari sa pagpasok ng mga hindi kanais-nais na mga nang-aangkin o nanghihimasok sa lupaing di naman pag-aari;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahang muli na iniutos ang madaliang pag-alis at paglilipat ng mga "squatters" sa paligid ng Mababang Paaralan ng Lakeview at binibigyan ng karapatan at kapangyarihan ang Punong-bayan na gumawa ng kaukulang aksiyon na nararapat at naaayon sa batas sa pagpapatupad ng kapangyarihang ito at bigyan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Presidential Commission on Urban Poor (PCUP), Komisyon ng Kalakhang Maynila (MMC), Kagawaran ng Pamahalaang Lokal (DLG), Pambansang Pangasiwaan ng Pabahay (NHA) at ng Tanggapan ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas para sa kanilang kaalaman at pagpapatnubay.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang-apatnapu't limang (45th) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-30 ng Enero 1989.

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

ATTY. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pang. Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

pahina 2 (Kapasiyahan Blg. 89-76) -

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Enero 30, 1989